



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 16 NA REGULAR NA SESYON NG IKA- 9 NA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 14 NOBYEMBRE 2016, 01:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Pang. Punong Bayan Jackson Cinco Dy - Tagapangulo
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal David D. De La Cruz
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal John John S. Yason
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Ruel S. Taytay
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Gualberto V. Magno
Konsehal Joseph M. Galicia - Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 106

Taong 2016

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY KGG. JACKSON CINCO DY, PANGALAWANG PUNONG BAYAN AT KAY G. TEODORO "CHIKUITO" TAN, DATING PUNONG BARANGAY NG BAGUMBAYAN AT NAGING PANGULO NG LIGA NG MGA BARANGAY SA PAGPANAW NG KANILANG MINAMAHAL NA SI GNG. KING SHEUNG LEE YAP.

SAPAGKAT, sa kulturang Pilipino, ang pamilya ay simbolo ng pagkakaisa at pagtadamayan ng lahat ng humubuo nito sa kasaganaan man o kahirapan;


SAPAGKAT, sa kaisipang ito, ang pagpanaw ng isang miyembro ng pamilya, ay lubhang dinaramdam at ikinalulungkot ng mga anak at mga kaanak nito;


SAPAGKAT, si Gng. King Sheung Lee Yap ay isang ina, isang asawa at isang kapatid na nilikha ng Diyos at pinagtiwalaan ng mabigat na tungkulin at responsibilidad;

SAPAGKAT, ang minamahal na kapatid ng Pangalawang Punong Bayan, Jackson Cinco Dy at asawa ng naging Pangulo ng Liga ng mga Barangay G. Teodoro Tan ay humarap na sa lumikha at bagama't ito ay lubos nilang ikinalulungkot, naiwan naman ay mga alaala ng isang mapagmahal na kapatid at asawa;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas at ang mga namumuno at mga kawani ng pumahalaang bayan ay lubos na nakikiramay kay Vice Mayor Jackson Cinco


VIOLETA L. DIMAPILIS


CESAR T. BATICOS


FERDINAND V. TALENS, MPA

Dy at dating Punong Barangay ng Bagumbayan at naging Pangulo ng Liga ng mga Barangay Teodoro "Chiquito" Tan at kanilang mga kaanak sa pagpanaw ni Gng. King Sheung Lee Yap.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa Pangalawang Punong Bayan Jackson Cinco Dy at sa dating Punong Barangay ng Bagumbayan at naging Pangulo ng Liga ng mga Barangay ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan ito at ng mga pinuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa pagpanaw ng kanilang minamahal na si Gng. King Sheung Lee Yap.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Pangalawang Punong Bayan Jackson Cinco Dy, kay G. Teodoro "Chiquito" Tan at sa kanilang mga kaanak lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay: 14 Nobyembre 2016


PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR T. BATICOS
Sangguniang Bayan Member/
Presiding Officer Pro-Tempore

PINAGTIBAY:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Punong Bayan